4

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Katrina G. Fababeir |
| **Tagaguhit:** | Leilanie S. Yutiampo |
| **Tagalapat:** | Heidee F. Ferrer |
| **Tagasuri ng Nilalalaman:** | Ryan C. Atezora, Gerry F. Isip, Joselyn A. Lopez, Maria Fe V. Robles |
| **Tagasuri ng Wika:** | Dr. Rodolfo F. De Jesus |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director, NCR<br>Dr. Jenilyn Rose B. Corpuz, SDS, SDO-Quezon City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief, NCR<br>Dr. Ebenezer A. Beloy, OIC- CID Chief, SDO-Quezon City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, Regional Supervisor - Filipino<br>Dennis M. Mendoza, EPS –LRMS, NCR<br>Dr. Rodolfo F. De Jesus , SDO - Filipino<br>Heidee F. Ferrer, EPS-LRMS, SDO-Quezon City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Brian Spencer B. Reyes, PDO, SDO-Quezon City<br>Liza J. de Guzman, Librarian, SDO-Quezon City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

# Aralin 8
# Balangkas at mga Uri Nito

## Inaasahan

1. Naipakikita ang nakalap na impormasyon sa pamamagitan ng nakalarawang balangkas o dayagram **(F4EP-Iva-d-8)**
2. Nakakukuha ng tala buhat sa binasang teksto **(F4EP-IVb-e-10)**

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Pag-aralan ang dayagram. Basahin at sagutin ang mga tanong. Bilugan ang letra ng wastong sagot sa mga tanong sa bawat aytem.

Ang Pandemyang CoViD-19

Mabuting Epekto

1. Naging matulungin ang mga tao
2. Sama-samang nagdada-sal ang isang mag-anak
3. Mahabang oras sa pamil-ya

Masamang Epekto

1. Marami ang nawalan ng tra-baho
2. Bumaba ang ekonomiya
3. Marami ang namatay

1. Tungkol saan ang dayagram?
   A. epekto ng pandemya
   B. ang pandemyang CoVid-19
   C. mabuting epekto
   D. masamang epekto
2. Ano ang masamang epekto na dulot ng pandemya?
   A. Bumaba ang ekonomiya.
   B. Mayroong masamang dulot ito.
   C. Kaunti ang nawalan ng trabaho.
   D. Sama-samang nagdasal ang mag-anak.

3. Piliin ang mabuting epekto ng pandemya.
   A. Mahabang oras sa pamilya
   B. Maraming trabaho ang nagbukas.
   C. Tumaas ang ekonomiya ng bansa.
   D. Kaunti ang namatay dahil sa sakit.
4. Ano ang bumubuo sa nakalarawang balangkas o dayagram?
   A. Iba-iba ang uri ng pangungusap na nakapaloob
   B. talata na may malinaw na diwa at kuwento
   C. maikling kuwento lamang ang mababasa rito
   D. pangunahing diwa at mahalagang detalye
5. Bakit kailangan ang pagbabalangkas?
   A. mabasa ang talata at ideya nito
   B. matukoy ang uri ng pangungusap
   C. mabasa ang suportang pangungusap
   D. matukoy ang pangunahing ideya at suportang ideya

## Balik-Tanaw

**Panuto:** Basahin at sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang debate?
2. } Ano-ano ang dalawang uri ng debate?
3. 
4. Sino ang tagapamagitan sa isang debate?
5. Bakit mahalaga ang debate?

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang **balangkas** ay binubuo ng mga pangunahing diwa ng talata, kuwento o anumang seleksiyong binasa at ang mahahalagang detalyeng sumusuporta.

Ang kahalagahan ng balangkas ay para maisaayos ang mga detalye at mabilis na matukoy ang pangunahin at suportang ideya.

### Mga Uri ng Balangkas

**Pangungusap na balangkas** ay maaaring isulat sa buong pangungusap.

**Papaksang balangkas** ay maaaring isulat sa anyong pa-paksa sa halip na mga pangungusap ang gamitin.

### Pagkuha ng Tala sa Binasang Teksto

Sa pagkuha ng tala sa binasang teksto, isa sa mga katangiang dapat taglayin ng isang matalinong mambabasa ang pagkakaroon niya ng kakayahang magtala ng mga detalye na ginamit sa binasang teksto.

## Gawain

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang maikling kuwento.

### Ang Langgam at Tipaklong

https://www.slideshare.net/

Ang langgam ang pinakamasinop na insekto. Hindi siya tumitigil sa paghahanap ng pagkain para sa panahon ng tag-ulan. Ang mayabang na tipaklong naman ay pakanta-kanta lang. Panay ang pamamasyal. Kung pagod na siya ay matutulog na siya. Nang dumating ang tag-ulan, walang naipon na pagkain ang tipaklong. Humingi ng pagkain ang tipaklong sa langgam, nag dahilan siya na mayroon siyang sakit. Pinagsabihan ni langgam si tipaklong." Iyan ang sinasabi ko sa iyo. Hindi ka nag-ipon ng pagkain noong tag-araw. Tapos ngayon, ikaw ay hihingi sa akin. Bibigyan kita ngayon pero sa susunod ay hindi na".

Tinanggap ni tipaklong ang pagkain kahit nahihiya siya kay langgam. Nangako siya sa sarili na magiging masinop na rin siya para mapaghandaan ang tag-ulan.

Sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwento.

1. Sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Ano ang pamagat ng kuwento?
3. Bakit nanghingi ng pagkain si tipaklong kay langgam?
4. Ano ang pangako ni tipaklong sa sarili niya?
5. Ano ang karaniwang ginagawa ng isang matalinong mambabasa matapos mabasa at masagot ang kaniyang aralin?

## Tandaan

Ang **balangkas** ay binubuo ng mga pangunahing diwa ng talata, kuwento o anumang seleksiyong binasa at ang mahahalagang detalye at impormasyong sumusuporta. Maaari itong nakalarawang balangkas o dayagram.

### Mga Uri ng Balangkas

**Pangungusap na balangkas** ay maaaring isulat sa buong pangungusap.

**Papaksang balangkas** ay maaaring isulat sa anyong pa-paksa sa halip na mga pangungusap ang gamitin.

Ang **pagkuha ng tala sa binasang teksto** ay isa sa mga katangiang dapat taglayin ng isang matalinong mambabasa. Ang pagkakaroon ng kakayahang magtala ng mga detalye na ginamit sa binasang teksto ay makatutulong upang maging maayos ang balangkas na gagawin.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto. Itala ang mga mahahalagang impormasyon o detalye gamit ang dayagram.

### Ang Ating Likas na Yaman

https://www.slideshare.net/

Ang mga likas na yaman ay mga bagay na makukuha natin mula sa ating kalikasan na gawa ng ating Panginoon. May apat na uri ang likas yaman. Ito ay yamang tubig, yamang lupa, yamang gubat at yamang mineral.


Ang **yamang tubig** ay mga bagay na nakukuha natin mula sa mga anyong tubig. Halimbawa ay mga isda, korales, perlas at kabibe.

Ang **yamang lupa** ay mga bagay na nakukuha natin mula sa ating anyong lupa. Halimbawa ay mga puno, prutas, palay at bigas, gulay, bulaklak at halamang gamot.

Ang **yamang gubat** ay mga bagay o hayop na matatagpuan natin sa kagubatan. Halimbawa ay baboy ramo, agila at mga puno.

Ang **yamang mineral** ay mga bagay na namimina mula sa kabundukan o sa ilalim ng lupa. Halimbawa ay mga diyamante, ginto, copper at marmol.

Dapat natin ingatan ang ating mga likas na yaman.




## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Basahin at sagutin ang mga tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot

1. Ito ay binubuo ng mga pangunahing diwa ng talata, kuwento o anumang binasa at mahahalagang detalye. Ano ang tawag dito?
   A. balangkas C. pangngalan
   B. maikling kuwento D. teksto
2. Ang kahalagahan ng balangkas ay para maisaayos ang mga detalye at mabilis matukoy ang pangunahin at suportang ideya.
   A. tama B. mali C. marahil D. siguro
3. Anong uri ng balangkas ang maaaring isulat sa buong pangungusap?
   A. pangungusap na balangkas C. balangkas
   B. papaksang balangkas D. teksto
4. Ito ay maaaring isulat sa anyong pa-paksa sa halip na mga pangungusap ang gamitin. Ano ang tawag dito?
   A. teksto C. papaksang balangkas
   B. balangkas D. pangungusap na balangkas

5. Ang balangkas ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng nakalarawan o dayagram.
   A. tama B. mali C. marahil D. hindi

**B. Panuto**: Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

## MUNTING GAMUGAMO

Kasa-kasama ng Inang Gamugamo ang kaniyang anak sa paglipad. May nakita silang maliwanag na bagay. Hindi nagdalawang isip na pinuntahan ng Munting Gamugamo ang liwanag. Pinagsabihan siya ng Inang Gamugamo at pinagbilinan na huwag lalapit sa liwanag na iyan. Minsan, naiwanan naglalaro ang Munting Gamugamo. Nakita niya ulit ang kaakit-akit na liwanag. Hindi siya nakatiis na hindi lumapit. Lumapit siya ng lumapit hanggang hindi niya namalayan na nasusunog na ang kaniyang pakpak. Huli na ng makita siya ng Inang Gamugamo. Hindi siya nakaligtas.

**Halaw sa aklat Sinagtala 4**

1. Tungkol saan ang kuwento?
   A. Munting Kuting C. Munting Ibon
   B. Munting Gamugamo D. Munting Tuta
2. Ano ang nakita nila?
   A. bola B. insekto C. liwanag D. kaibigan
3. Sinunod ba niya ang bilin ng Inang Gamugamo?
   A. opo B. hindi po C. marahil D. siguro
4. Ano ang nangyari sa munting Gamugamo?
   A. nasunog ang pakpak C. naglaro sa liwanag
   B. nasilaw sa liwanag D. naiwan
5. Anong aral ang makukuha sa kuwento?
   A. Huwag sumunod. C. balewalain
   B. Sumunod sa magulang. D. huwag pakinggan

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1. A
2. A
3. A
4. D
5. D

**Balik-Tanaw**

1. Debate pagtatalo ng dalawang panig sa isang paksa.
2. Oxford
3. Cambridge
4. Moderator
5. Malinang ang pangangatwiran

**Gawain**

1. Tipaklong at Langgam
2. Ang Tipaklong at Langgam
3. Dahil walang naipon na pagkain ang tipaklong nang dumating ang tag-ulan.
4. Nangako siya sa sarili na magiging masinop na rin siya para mapaghandaan ang tag-ulan.
5. Magtala ng mga detalye/impormasyon sa binasang teksto

**Pag-alam sa Natutuhan**

Pamagat: Ang Ating Likas na Yaman

Uri:

Yamang Tubig-isda, korales, perlas, kabibe

Yamang Lupa-puno, prutas, bigas, gulay, bulaklak, halamang gamut

Yamang Gubat-baboy ramo, agila, mga puno

Yamang Mineral-ginto, *copper*, marmol, diyamante

**Pangwakas na Gawain**

A
1. A
2. A
3. A
4. C
5. A

B.
1. B
2. C
3. A
4. A
5. B

## Sanggunian

Agbon, Zenaida Z. et. Al ( 2010 ). Filipino: Daan Tungo sa Pagbabago at Pag-unlad 4. Makati City. Don Bosco Press, Inc.
Dayag, Alma M. (2002). Pluma 4. Quezon City. PHOENIX Publishing House.
Garcia, Florante C. et al. (2019). Pintig ng Lahing Pilipino 4. Quezon City. SIBS Publishing House, Inc.
Pamo, Remedios I. et. Al. (2011). Tuklas.Aklat sa Wika at Pagbasa 4. Manila. Magallanes Publishing House Inc.
Department of Education. https://commons.deped.gov.ph/melc
https://www.google.com.ph/search?clipart
https://www.slideshare.net/